



Lokal na Nilalaman ng Cable25

Mga Pamantayan Tungkol sa Paggamit ng Lokal na Nilalaman ng Cable25

Epektibo simula 4/01/25

Nagtatakda ang Departamento ng Ugnayang Pangnegosyo at Proteksyon sa Mamimili (Department of Business Affairs and Consumer Protection, BACP) ng Chicago ng mga pamantayan nito hinggil sa paggamit ng Cable Channel 25. Dapat ipatupad simula at pagkatapos ng Disyembre 1, 2022 ang mga sumusunod na pamantayan.

Ang Cable25 ay isang cable channel ng munisipyo ng Lungsod ng Chicago na nakatuon sa paglikha at promosyon ng de-kalidad na programa mula sa mga producer na naninirahan at nagsasagawa ng produksyon sa Lungsod ng Chicago, para mapadali ang malikhaing at artistikong lakas ng mga lokal na producer na ito.

Para sa mga tanong, pakitawagan ang Cable25 sa 312.744.6516 o bisitahin ang [Chicago.gov/Cable25](https://chicago.gov/Cable25).

I. Mga Pangkalahatang Pamantayan

1. Para maging katanggap-tanggap sa Cable25, ang mga programa ay dapat ginawa ng mga residente ng Chicago o mga negosyong matatagpuan sa loob ng hangganan ng lungsod.
2. Maaaring isumite ang mahahabang format na palabas sa TRT, sa 28:30 o 29:00, o 58:00 minutong segment. Maaaring isumite ang mga infomercial sa 29:00 na minutong segment. Maaaring isumite ang mga Patalastas o Anunsyo ng Serbisyon Pampubliko (Public Service Announcement, PSA) sa 30 segundo, 60 segundo, o 120 segundo.
3. Hindi hihigit sa 6 na minuto ng mga patalastas ang papayagan para sa bawat 30 minutong programa na hindi infomercial.
4. Hindi tumatanggap ng malalaswang programa ang Cable 25. Malalaswang materyal ay materyal na: (1) matitiyak ng karaniwang tao sa komunidad na ito ay pangunahing umaakit ng mga sekswal na pagnanasa; (2) ipinapakita o inilalarawan nito ang mga sekswal na gawain sa labis na nakakasama o nakasusuklam na paraan, ayon sa tinukoy ng batas; at (3) wala itong seryosong halaga para sa panitikan, sining, politika, o agham. Tingnan ang *Miller v. California*, 413 U.S. 15 (1973).
5. Ang mga programa na may rating na higit sa PG (Parental Guidance) ay maaari lang ipalabas sa pagitan ng 11:00 p.m. at 12:00 a.m. Itinakda ng FCC ang PG broadcast bilang "wika o materyal na, sa konteksto, naglalarawan o naglalahad, gamit ang mga termino na labis na nakakasama ayon sa mga kasalukuyang pamantayan ng komunidad para sa broadcast medium, ng mga sekswal o excretory na gawain o ng organ." Nangangahulugan ito na ang mga palabas na hindi angkop para sa mga bata ay maaari lang ipalabas sa pagitan ng 11:00 p.m. at 12:00 a.m. Ang mga palabas na hindi angkop para sa mga bata ay naglalaman ng hindi kanais-nais na koleksyon ng imahe na maaaring ituring na magdulot ng pagkasuklam, maaaring ituring na bastos o mahalay na nilalaman, at ng sekswal na mungkahi. Inilalaan ng Cable 25 ang tanging pagpapasya para matukoy kung anong programa ang katanggap-tanggap. Tingnan ang *Aksyon para sa Telebisyon ng mga Bata v. FCC*, 58 F.3d 654, 657 (D.C. Cir. 1995); *Infinity Broadcasting Corp. of Pennsylvania*, 2 FCC Rcd 2705 (1987). Available sa <https://casetext.com/case/action-forchildrens-television-v-fcc>

6. Ang mga programang nagpapakita ng karahasan o paggamit ng ilegal na droga, o naglalaman ng matitinding malaswang pananalita ay maaari lang ipalabas sa pagitan ng 10:00 p.m. at 12:00 a.m., kung may available na timeslot. Mahigpit na ipinagbabawal ang mga programang nagpapahiwatig ng mga sekswal na gawain, nag-uudyok ng karahasan, sumusuporta sa aktibidad ng gang at o ng organisadong krimen, o nagpapakita ng ilegal na paggamit ng mga baril. Agad na tatanggihan ang mga programang ito.

7. Kung gusto ng isang producer na gumamit ng nilalaman na hindi nila sariling gawa, tulad ng mga music video o video na pangturismo; dapat gawa ng lokal na producer sa Chicago ang hindi bababa sa 30% ng hindi komersyal na bahagi ng programa ng producer (8 minuto at 33 segundo sa haba ng programa na 28 minuto at 30 segundo. 17 minuto at 24 na segundo sa haba ng programa na 58 minuto); dapat na maipakita ng producer ang patunay ng pahintulot o karapatang gamitin ang nilalaman sa panahon ng pagsusumite sa Cable 25, kabilang dito ang mga music video at anumang iba pang materyal na audio o video; hindi maaaring gumamit ang producer ng anumang nilalaman na protektado ng copyright o wala siyang pahintulot na gamitin. Ibig sabihin nito, mahigpit na ipinagbabawal ang pag-rip o pag-extract ng mga video mula sa YouTube at walang paggamit ng hindi awtorisadong audio o video. Magresulta sa pagtanggig ng programa, pansamantalang pagtigil, o pagkansela ng programa ang kabiguanang magbigay ng patunay ng pahintulot sa paggamit ng nilalaman.

8. Hindi tatanggapin para sa pagpapalabas ulit sa Cable25 ang mga programang ginawa nang buo o bahagi sa Chicago Access Corporation (karaniwang kilala bilang "Public Access" o "Cable Access").

9. Bago maipalabas sa Cable 25 ang mga programang hindi bahagi ng isang serye o hindi orihinal na likha ng producer, nangangailangan muna ito ng pahintulot mula sa Cable 25. Ang inulit na programa ay isang programang may mahigit kalahati ng parehong nilalaman mula sa iba pang programang naipalabas mo na.

10. Walang patalastas na hayag sa nagsusumiteng producer na gagamitin bilang bahagi ng pandarayang estratehiya na bait and switch ang pinahihintulutan.

11. Kailangang maghanap ng kanilang sariling mga advertiser/sponsor ang mga producer ng Cable25. Sa paggawa nito, may pananagutan ang producer sa pagtukoy ng mga potensyal na advertiser/sponsor, paggawa ng mga presentasyon sa mga advertiser/sponsor, pagbibigay ng anumang naaangkop na dokumentasyon, at hindi maling pagkatawan sa programa ng Producer, Cable25, o ang ugnayan ng Producer sa Cable25.

12. Kailangang sumunod ang mga Producer ng Cable25 sa seksyon 2-156-040 ng Kodigo ng Munisipyo ng Chicago ("Pag-aalok, pagtanggap, at panghihikayat ng mga regalo o pabor"), pati na rin sa lahat ng iba pang naaangkop na probisyon ng Kabanata 2-156 ng Kodigo ng Munisipyo ("Mga Etika sa Pamahalaan").

13. Hindi pinahihintulutan ng Cable 25 ang anumang pananalita na nakakapinsala, nagbabanta, o nakakainsulto sa iba batay sa kanilang pagkakakilanlan, paniniwala, o katangian. Kabilang dito ang anumang pananalita na nag-uudyok ng karahasan, diskriminasyon, o poot laban sa iba o nagpapahayag ng pagkapoot o paghamak sa iba. Kailangang sumunod ang mga producer sa patakarang ito at iwasan ang pagsusumite ng anumang programa na naglalaman ng ganitong uri ng pananalita. Aalisin ang anumang programang lumalabag sa patakarang ito. May eksklusibong karapatan na magpasya ang Cable 25 kung ano ang itinuturing na nakakasamang pananalita at magsagawa ng mga nararapat na hakbang para matiyak ang isang ligtas na kapaligiran para sa aming mga manonood at tauhan.

II. Mga Pamantayan sa Pag-iiskedyul

1. Ibibigay ang mga time slot sa unang dumating, unang paglilingkuran na basehan. Kung makakatanggap ang Cable25 ng maraming kahilingan para sa parehong available na time slot o mga nagsasapawang time slot, gagawin ang desisyon sa pamamagitan ng loterya.
2. Bibigyan ng paunang labintatlong linggong time slot ang mga bagong programa ng producer sa Cable25. Ang mga salik na magtatakda kung mare-renew ang pagpapalabas ng programa sa time slot ay ang pagsunod sa mga pamantayan ng produksyon at alituntunin ng istasyon ng Cable25.
3. Ang lingguhang programa ay maaari lang ulitin o maglaman ng mga nakaraang pag-edit ng programa nang dalawang beses sa isang taon. Ang kada dalawang linggong programa ay maaari lang ulitin o maglaman ng mga nakaraang pag-edit ng programa nang isang beses sa isang taon. Hindi maaaring baguhin ang pamagat at ipalabas muli ang mga segment ng programa. Mawawala sa producer ang timeslot ng anumang programa kung hindi ito susunod sa mga patakarang ito. Ang mga pag-uulit at muling pagpapalabas ay dapat na pormal na hilingin sa pamamagitan ng elektronikong mail at dapat aprubahan ng Cable 25. Dapat tandaan ng mga producer ng programa na magresulta rin sa pagkakansela ng kanilang timeslot ang mababang antas ng aktibidad sa pagsusumite ng programa nang walang komunikasyon at pangangatwiran sa Cable 25.
4. Kung mabigo ang mga producer na sumunod sa mga pamantayan at alituntunin ng produksyon ng Cable25, papalitan ng ibang programa na sumusunod sa mga Pamantayan at Alituntunin sa Produksyon ng Cable25 ang kanilang mga programa.

III. Mga Pamantayan sa Pagsusumite ng Programa

1. Ang sinumang producer na gustong maipalabas ang kanilang programa sa Cable25 ay kailangang magsumite muna ng isang kumpletong episode ng programa, kabilang ang mga patalastas. Hindi maaaring magsumite ang mga producer ng demo o sizzle reel para sa pagsusuri upang maisaalang-alang para sa isang time slot. Susuriin ng Cable25 ang programa para sa pagsunod sa mga pamantayang ito.
2. Kailangang maingat na basahin at suriin ng mga producer ang mga Pamantayan ng Paggamit. Dapat ding ganap na punan ng mga producer ang lahat ng seksyon ng "Form ng Pagsusumite ng Proyekto (Project Submission Form)", lagdaan at ibalik sa Cable 25. Ang form na ito ay kinakailangang sundin at isang pormal na kasunduan sa pagitan ng (mga) producer at Cable 25. Magdudulot ng pagkaantala sa pagpapalabas at premiere ng programa ang pagkabigong pagsumite ng "Form ng Pagsusumite ng Proyekto." Magresulta sa pansamantalang pagtigil at/o pagtanggali ng programa ang kabiguang sumunod sa mga Pamantayan ng Paggamit. Kung tinanggali ang programa, dapat na muling simulan ng (mga) producer ang proseso ng pagsusumite para sa muling pagsasaalang-alang
3. Dapat isumite ang mga programa bilang pinal na bersyon at dapat isama ang lahat ng patalastas at pinal na kredito. Ang lahat ng patalastas (kung nagpapatalastas ang producer ng kanilang nilalaman) ay kailangang isama sa loob ng programa sa oras ng pagsusumite. Para sa nilalaman na hindi pag-aari ng producer, dapat tandaan ng producer na ang pagkilala sa mga karapatan sa paggamit ay kailangang maipakita sa kanilang mga kredito at sa pamamagitan ng pagsulat sa tanggapan ng Cable 25 sa pamamagitan ng elektronikong mail.
4. Lubos na inirerekomenda, pero hindi ipinag-uutos, na magkaroon ng isang backup na programa na hindi naglalaman ng paksa na may takdang oras bilang kahalili sakaling magkaroon ng problema sa mga programang nakatakdang ipalabas.

5. Tatanggapin ang mga programa mula 8:00 a.m. hanggang 4:00 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Isumite ang mga programa bilang “mp4 o .mov” na file sa cable25@cityofchicago.org. Hindi tatanggapin ang mga programa sa mga itinalagang Holiday ng Lungsod ng Chicago. Bisitahin ang Chicago.gov/Cable o tumawag sa Cable25 sa 312.744.6516 para sa higit pang impormasyon.

6. May karapatan ang Cable25 na gumawa ng mga pagbabago sa iskedyul ng pagpapalabas kung sakaling lumabag ang producer sa kasunduan sa mga Pamantayan ng Paggamit.

IV. Mga Pamantayan sa Produksyon/Teknikal

Pangkalahatan

1. Kailangang kunan ang mga programa gamit ang kagamitan na may propesyonal na kalidad.
2. Kailangang maayos at maingat na i-edit ng mga programa para magbigay ng isang pangkalahatang epekto na maihahambing sa produksyon na multi-camera.
3. Kung isasama sa programa o spot ang iba pang elemento ng produksyon tulad ng mga film clip, slide, larawan, at audio bite, kailangang de-kalidad ang produksyon at nilalaman nito na katumbas ng iba pang pangunahing elemento ng programa o spot.

Video

1. Hindi dapat lumampas sa resolusyon na NTSC 1920x1080 ang mga isusumiteng programa at kailangang isumite bilang “.mp4” o “.mov” na file.
2. Dapat magtapos ang lahat ng programa nang eksaktong tagal na 28:30 o 29:00 para sa kalahating oras na programa o 58:00 para sa isang oras na programa. Nakatalaga sa iyo ang 100% ng mga patalastas sa pagitan ng programa; tiyaking napupunan ang mga ito.
3. Dapat maihatid sa master control ng Cable25 ang mga programa sa pamamagitan ng pagpapadala ng nakumpletong programa sa cable25@cityofchicago.org. Pakitandaan na dapat isumite sa digital na paraan ang lahat ng palabas sa pamamagitan ng isang serbisyo sa pagbabahagi ng file tulad ng Dropbox, File Mail, Google Mail, WeTransfer, atbp.

Audio

1. Dapat na mairekord ang mga programa at spot sa -12db. Dapat tiyakin ng mga producer na ang pagkakalagay ng mikropono ay makakabuo ng malinaw, hindi distorted, at sapat na lakas ng audio para sa kanilang produksyon. Kung gagamit ng musika, dapat isama ito nang maayos sa iba pang audio para makabuo ng balanseng timpla ng tunog.
2. May pananagutan ang mga producer sa pagkuha ng pahintulot sa mga karapatan sa paglilisensya ng palabas para sa musikang ginagamit sa kanilang mga produksyon.
3. Dapat may audio sa **parehong channel**. Puwedeng stereo o dual channel monaural ang audio.

4. Pakitandaan na ang karanasan ay hindi nangangahulugan ng siguradong pag-abruba sa pagsusumite.

Para sa mga tanong, pakitawagan ang Cable25 sa 312.744.6516 o bisitahin ang [Chicago.gov/Cable25](https://chicago.gov/Cable25).



Cable 25, 78 E. Washington, Room 100, Chicago, IL 60602
Chicago.gov/Cable25

     @ChicagoBACP



Business Affairs and
Consumer Protection

Cable 25

Form ng Pagsusumite ng Proyekto

Pakikumpleto ang kabuuan ng form. Nangangailangan ng tugon ang lahat ng bahagi. Mga tagubilin sa pagsusumite: Pakisumite ang nakumpletong form sa CABLE25@CITYOFCHICAGO.ORG at makikipag-ugnayan sa iyo ang kinatawan ng Cable 25 sa loob ng 24 na oras.

**Buong Pangalan
ng Producer**

**Buong Pangalan
ng Editor**

Email ng Producer

Email ng Editor

**Telepono ng
Producer**

**Telepono ng
Editor**

Pamagat ng Palabas

Sa isa o dalawang pangungusap, ilarawan ang konsepto ng iyong Programa sa TV

Sino ang madlang manonood sa iyong programa?

Anong mga layunin mo para sa pamamahagi ng iyong programa sa hinaharap?

Anong (mga) camera at sistema ng pag-edit ang ginagamit sa paggawa ng iyong programa?

Pakitandaan na dapat isumite sa digital na paraan ang lahat ng palabas sa pamamagitan ng isang serbisyo sa pagbabahagi ng file tulad ng Dropbox, FileMail, Google Mail, WeTransfer, atbp.

Cable 25

Impormasyon sa Propesyonal na Kasaysayan

Buong Pangalan

Email

Numero ng Telepono:

Pamagat ng Palabas

**Pakibigyan kami ng maikling kasaysayan ng pormal na edukasyon at propesyonal na karanasan sa produksyon sa TV, kung mayroon man, para sa mga sumusunod na posisyon.
*Pakitandaan na ang karanasan ay hindi nangangahulugan ng siguradong pag-abruba sa pagsusumite.***

(Mga) Producer

(Mga) Direktor

(Mga) Operator ng Camera

(Mga) Editor



Pagkilala sa Pagtanggap

Ako, si _____ (pangalan at apelyido), ay kinikilala ang pagtanggap ng pinakabagong mga Pamantayan ng Lokal na Nilalaman ng Cable 25 at nangangako akong susunod sa mga nasabing pamantayan.

Nilagdaan: _____

Petsa: _____